

1

Sa living room ng isang magarbong mansion sa Taguig ay matiyagang naghihintay si Don Simeon dela Fuente.

“Sir, narito na po si Detective Reyes,” anang isang katulong na pumasok doon.

“Sige, papasukin mo siya, Maria.”

Muling lumabas ng sala ang katulong. Siya namang pasok ng asawa ng don na si Fatima.

“Nariyan na daw si Noel?”

Tumango siya bilang sagot sa tanong nito. Naupo ito sa kanyang tabi at hinawakan ang kanyang kamay. Pagbalik ng katulong ay kasama na nito ang isang lalaking nasa mid-forties ang edad. Nagbigay-galang ito sa dalawa.

“Maupo ka, Noel. Maria, dalhan mo kami ng maiinom,” utos ni Don Simeon sa kasambahay bago muling binalingan ang private investigator. “Ano na ang balita, Noel? Natagpuan mo na ba ang anak ko?” puno ng pag-asang tanong niya. Lalo pang humigpit ang pagkakahawak ni Fatima sa kanyang kamay. Ito

man ay kakikitaan din ng excitement.

“May nakita akong isang Tamara Rodrigo sa Calamba, Laguna na kahawig ng ibinigay ninyong litrato.” Inilabas ng PI ang mga litrato ng isang dalaga na palihim na kinunan. Iba’t ibang anggulo iyon, may close-up shots, may full body shots.

Bumitiw ang kamay ni Simeon mula sa pagkakahawak ng asawa upang tingnan ang mga larawan. Napasinghap siya nang makita ang isang close-up frontal photo ni Tamara.

“Ang anak ko...” anas niya. Sinundan ng isang daliri ang outline ng mukha nito.

“Hindi pa tayo nakakasiguro, Mr. dela Fuente.”

“No. Sigurado akong siya na nga ang anak ko. I can feel it! At kamukha niya ang babae sa litrato.”

Gamit ang isang image-generating software, inutusan niya ang isa sa kanyang technicians na pagsamahin ang facial profile niya at ng dati niyang asawa para malaman ang posibleng hitsura ng kanilang anak na hindi man lang niya nasilayan.

“Can you see the resemblance, Fatima?” baling niya sa asawa.

The woman studied the picture and nodded after

a few seconds.

“May mga nakita akong discrepancies sa birth records niya na hindi tugma sa ibinigay ninyong information sa akin,” patuloy ng PI.

“Wala sa sariling pag-iisip si Laura nang isilang niya ang anak namin. Tumakas siya ng hospital bago ko pa man makita ang anak ko. Who knows kung ano ang ginawa niya sa bata. Baka iniwan lang niya ito kung kani-kanino.” The bitter tone in his voice was undeniable.

Nagkatinginan ang dalawang kaharap niya. They may have doubts, pero malakas ang kutob niya na ang Tamara Rodrigo na nasa larawan ay ang nawawala niyang anak.

“Simeon...” Hinawakan ni Fatima ang kanyang kamay. “I know how hard this is for you. At alam ko rin kung gaano kasabik ka nang makita ang anak mo. Pero sa opinyon ko, tama si Noel. Hindi tayo dapat magpakabigla. It could be another case of mistaken identity.”

Ibinaba ni Don Simeon ang larawan sa mesa, sumandal at humalukipkip. May katuwiran si Fatima. Maraming ulit na silang nakakuha ng lead. Pero sa lahat ng mga iyon ay nabigo silang makita ang

totoong taong hinahanap nila.

“A DNA test would be appropriate. If we could obtain a DNA sample from the girl and test it with your DNA sample, malalaman natin kung mag-match siya o hindi.”

Familiar siya sa process ng DNA testing. At malaki ang tama ni Noel. Hindi siya dapat magpadala sa pisikal na hitsura. Maraming magkakamukha na hindi naman magkadugo.

Pero paano ipapaliwanag ng matandang lalaki ang gaan ng loob na naramdaman niya habang pinagmamasdan ang larawan ng dalaga? Hindi ba maituturing na father's instinct iyon?

“May punto si Noel, Honey.”

Malalim siyang bumuntong-hininga. Marahil nga ay tama ang dalawa. Walang masama kung magsiguro siya.

“Okay. I agree with you. So, ano'ng kailangang sample para maisagawa ang DNA test?”

“We can get a strand of her hair or isang personal na gamit niya sa katawan like her toothbrush. I can break into her house and obtain it for you.”

Sandali silang na-distract sa tinig ng isang lalaki

na nagmula sa foyer. Sumungaw ang seryosong mukha ni Jeffrey sa sala.

“Oh, I’m sorry. Hindi ko alam na may bisita kayo.”

“No, it’s okay Jeff. Join us.”

Umupo ang binata sa isang bakanteng settee.

Jeff was Don Simeon’s adoptive son, his protégé. Ito ang pinakamahusay na software architect ng *Lantis Inc.* at kasalukuyang project manager ng *Polaris Android* series.

For someone who just turned thirty, smart and ruggedly handsome, masyadong tight si Jeffrey sa sarili. It would do him good to relax, unwind and...

Natigilan si Simeon. Tumitig siya sa tahimik na binata. Kumunot ang noo nito dahil sa appraisal niya. Pagkatapos ay dinampot niyang muli ang larawan ni Tamara.

Isang idea ang biglang nag-flash sa kanyang isip.

“About the DNA sample—”

“Don’t worry about it, Noel. Ako na ang bahalang kumuha noon para sa ’yo,” putol niya sa sinabi ng PI.

Nalilitong napatingin ito sa kanya at pagkatapos ay sa kanyang asawa. Nagkibit-balikat lang si Fatima.

“Maraming salamat sa tulong mo, Noel. I’ll take it from here. Tatawagan na lamang kita sa oras na makuha ko na ang sample na hinihingi mo.”

Natulala ang imbestigador. Pero wala rin itong nagawa kundi ang sumunod. Hindi na ito muling nagtanong.

“Well, in that case... I wish you good luck, Mr. dela Fuente.”

“Salamat, Noel. Ipapa-deposit ko na agad sa sekretarya ko ang final payment sa account mo.”

Tumango ito bago tumayo at nagpaalam. “Salamat po. Basta’t kung may kailangan pa kayo, just let me know.”

Ngumiti ang matandang lalaki.

Tumayo si Fatima upang ihatid ang bisita hanggang sa front door. Siya naman ay naiwan kasama si Jeff na wala pa ring imik. He stared at him again.

Para siyang kinikiliti ni Cupido. Ngayon pa lang ay nae-excite na siya. He glanced at Tamara’s picture again. Kung may higit na striking sa features nito, iyon ay ang fiery eyes ng dalaga. Pareho sila ng mga mata kaya sigurado siyang kung ito nga ang anak

niya, they shared the same stubborn trait. Kung hindi man, well, he'd still bet his fortune that she did have that stubbornness inside her.

Bagay lang sa isang katulad ni Jeff.

Nahimas niya ang baba, looking smug.

Oh, how he would love to see the sparks fly!

“You did what?” di-makapaniwalang bulalas ni Fatima sa sinabi ng asawa.

The goofy grin on the old man's face was a manifestation of his glee because of his *little deed*.

“I sent Jeffrey on a little adventure.”

Napaungol siya. “Huwag mong sabihing pinairal mo na naman ang pagiging matchmaker mo. No wonder kulang na lang ay ibalibag ni Jeffrey ang pinto nang umalis.”

“Why not? Matagal na akong boto kay Jeff bilang son-in-law. At kung talagang anak ko nga si Tamara, I want her to be Jeffrey's wife.”

“Pero, Simeon, hindi pa nga tayo sigurado, di ba? At saka paano kung may boyfriend na ang Tamara na iyon? And what about Jeff? Hindi ba't may girlfriend

na 'yung bata?"

"Kung hindi man si Tamara ang anak ko, I'd still want her to be Jeffrey's wife. I see something special in her. She's a good woman. Bagay na bagay sa binata natin. And mind you, wala siyang boyfriend. Nakalagay 'yun sa profile niya."

Napailing na lang si Fatima. Kung minsan ay nawi-weird-uhan siya sa asawa. Pagbatayan ba ng personality ng isang tao ang isang larawan? Dapat yata ay naging isang psychiatrist ito sa halip na isang electronic geek.

"And as for Jeff, hindi ako boto sa kasintahan niya. Masyadong malapit sa lalaki. That woman has no sense of decency in her bone. At saka hula ko lang, hindi naman talaga mahal ni Jeff ang babaeng 'yun."

"Kahit pa. Hindi mo pa rin dapat minanipula ang sitwasyon."

"Ah, basta. Trust me on this, Fatima. Believe me, malakas ang pakiramdam kong magiging maayos ang lahat."

"Oo na. Bahala ka na nga!"

Nagkatawanan sila. Malambing siyang niyakap ng asawa. Sabay pa silang napabuntong-hininga.

“Ano’ng iniisip mo?”

“That I’m so close to finding my daughter.”

“I wish na siya na nga talaga, Simeon. You deserve to be with one another. And I want you to be happy pagkatapos ng bangungot na dinanas mo kay Laura.”

Iniharap siya nito at masuyong hinawakan ang kanyang mukha.

“I’m happy now, Fatima. Dahil nakilala kita at tinanggap mo ako. You’ve given me so much that sometimes iniisip ko kung anong kabutihan ang ginawa ko sa buhay to deserve you.”

Ngumuso siya at di mapigilang malungkot.

“Sana’y nagawa kitang bigyan ng anak,”

“Shh... nariyan naman si Rose,” tukoy nito sa anak niya sa pagkadalaga.

Bunga si Rose ng isang bawal na relasyon noong late teens ni Fatima. Hindi niya alam na may asawa na ang boyfriend niya. Nalaman lang niya iyon nang ipagtapat niya rito ang kanyang kalagayan. He ran away like a scared rabbit at hindi na muling nagpakita sa kanya.

Tatlong taong gulang si Rose nang makitaan siya ng cyst sa dalawa niyang ovary. The doctors had to remove both. When her daughter turned thirteen, noon niya nakilala si Simeon. Pinakasalan siya nito despite her past at kahit pa wala na siyang kakayahang bigyan ito ng anak.

“Pati na rin si Jeff. And who knows, baka sa madaling panaho’y madagdagan na ang mga anak natin.”

“Sana nga.”

Napangiti siya at humilig sa dibdib ng asawa. Nasa ganoon silang tagpo nang dumating si Rose.

Humalik ito sa kanila.

“Saan ka na naman galing bata ka?” nakapamaywang na tanong niya kaagad sa anak. Kung sa matigas ay talagang matigas ang ulo nito. At nakakahiya kay Simeon ang pagiging iresponsable ng dalaga.

“Nagkayayaan lang kami nina Coleen, Mommy.”

Pinigil na ni Simeon ang nakahandang sermon niya.

“Dapat ay nagte-text ka sa amin kung gagabihin ka ng uwi, Rose. Alam mo namang worry freak itong

mommy mo.”

“Sorry po,” nakayukong hingi nito ng paumanhin.

“Oh, well, ang mahalaga’y nakauwi ka na. Sayang at wala ka dito kanina.”

“Bakit, Daddy? May nangyari po ba?”

“I think I found my daughter this time.”

“Sigurado kayo?”

“Hindi pa pero malakas ang kutob ko.”

Nakamasid lang si Fatima sa pag-uusap ng dalawa. Titig na titig siya sa mukha ng anak. At hindi nakaligtas sa kanya ang pagsimangot nito nang marinig ang magandang balita.

2

Halos matanggal na sa hinges ang pinto ng bachelor's pad ni Jeffrey dahil sa lakas ng kanyang pagkakatulak.

Mula sa mansion ni Don Simeon ay nagmaneho siya pauwi in an insane rage. Suwerte lang talaga dahil wala siyang nadisgrasyang tao o ibang sasakyan. His speedometer was way over the speed limit.

Ano ang dahilan ng galit niya?

"You want me to what?"

Gilalas na napatitig si Jeff sa mukha ng matandang lalaki.

Sinasabi na nga ba niyang may iniisip itong hindi niya magugustuhan base sa misteryosong pagngiti nito at pagtitig sa kanya kanina.

"I need a strand of hair, like this one." Kinapa nito ang ulo.

"I know what a strand of hair looks like."

"O, di wala nang problema."

"Mayr'on, Tito. Hindi ko kilala ang babaeng iyan. At paano ako kukuha ng hibla ng buhok sa kanya?"

The older man snorted.

“Kagaling mong mag-design ng isang computer software, pero ang makipagkilala sa isang babae’y hindi mo alam?” may halong panunuya na sabi nito.

He’d swear Don Simeon was up to his matchmaking schemes again. Ilang ulit na nitong ginawa iyon sa kanya. At kahit sinabi niya ritong nobya na niya si Ivana, hindi pa rin ito tumigil. He never approved of her girlfriend.

“Pero, Tito...”

“Jeffrey, Tamara could be the long-lost dela Fuente heiress. At kung hindi mo gagawin ang inuutos ko, I have no way of knowing.”

Gusto niyang magmura. Kayang-kayang gawin iyon ng PI na kausap nito kanina. He was a software architect, not a detective!

“Hindi ito isang pakiusap, Jeffrey. I’m ordering you.”

“But why me?”

“Dahil malaki ang tiwala ko sa ’yo. Besides,” the older man grinned wickedly, “you’re too cooped up inside your office and that cramped room you call a home. Don’t you want a little adventure?”

“Baka nakakalimutan n’yo na kayo ang boss ko. You’re a slave driver, kaya ako ganito,” sarkastiko niyang sabi na tinawanan lang nito.

“Hindi ko sinabing gugulin mo ang buong panahon mo sa trabaho.”

“May girlfriend ako, Tito.”

The old man scoffed. Gumuhit ang pagkadisgusto sa mukha nito.

Umupo siya sa mahabang sofa at inihilamos ang isang palad sa mukha. He knew he was fast losing the argument.

“I’m serious, Jeff. Inuutusan kitang kumuha ng hair sample from Tamara. Kung paano, umisip ka ng diskarte mo. I need it before the week ends.”

“Ano?” Napabalikwas siya ng tayo. “Limang araw lang ang ibinibigay ninyong palugit?”

Tumango ang matanda. “Yup. Ako na ang bahalang umayos sa leave mo. Siguraduhin mong maibibigay mo ang hinihingi ko. Or else, I’ll fire you from your post.”

“What?” Medyo napataas na ang boses niya. “You can’t run Lantis without me.”

Umingos lang ito. Batid niyang hindi iyon totoo

at alam din iyon ng matanda. Simeon mentored him. Kung mayroon man siyang alam na hindi nito alam, madali na iyong mapapag-aralan ng matanda.

He could run Lantis without him. Kaya malakas ang loob nitong magbigay ng ganoong threat.

“You’re not serious.”

“Oh, I am very serious.”

Gumalaw ang mga muscles niya sa bagang. Naningkit ang kanyang mga mata at naglapat ang mga labi.

Nang iabot sa kanya ni Don Simeon ang envelope na ibinigay rito ng PI, wala na siyang nagawa kundi ang tanggapin iyon.

Initsa lang ni Jeffrey ang envelope sa center table pagpasok niya. Dumerecho siya sa kusina at kumuha ng isang lata ng beer mula sa fridge. Nang bumalik siya sa sala ay nakita niyang nakalitaw ang kalahati ng litrato ni Tamara. Umupo siya sa single-seater sofa at dinampot iyon.

Nakangiti ang dalaga sa larawan, labas ang maputi at pantay na mga ngipin. Bumagay sa hugis-pusong mukha nito ang isang pares ng hooded eyes na pinapungay pa ng malalantik na pilik. Katamtaman

ang tangos ng ilong ng babae, may gatuldok na taling sa kanang bahagi ng mukha, malapit sa bridge ng ilong. Maganda ito. Hindi niya itatanggi iyon, pero hindi siya interesado.

For him, the whole *finding the heiress thing* was ridiculous. Kung siya lang ang masusunod, gusto niyang itigil na ni Don Simeon ang paghahanap sa nawawalang anak. Bukod sa wala itong ibang basehan maliban sa isang simulated graphic image, masyado nang mahaba ang twenty-five years. Marami na ang nangyari sa loob ng mga taong iyon. She could be dead for all they know. With a mentally distraught mother, she may have not even survived her first year.

Pero, iyon nga, wala siyang choice kundi ang gawin ang *assignment* na ibinigay sa kanya.

Ibinato niya ang litrato sa mesa, sumandal at ini-on ang TV. Hell, mas gugustuhin pa niyang harapin ang pinakakomplikadong computer program kaysa makipagkilala sa dalaga.

Iyon pa rin ang sinasabi niya sa sarili habang ipina-park ang kanyang silver grey *Ford Escape* sa parking lot ng *Club Matilde* kinabukasan ng gabi.

Hindi iyon isang cheap bar, pero hindi rin masasabing high-class. Sinalubong siya ng isang

acoustic rendition ng *She Will Be Loved*. Isang live band ang kasalukuyang tumutugtog sa maliit na stage. The club was only half occupied, mostly by male patrons. May isang mesa na pulos babae ang umookupa. Probably a group from one of the manufacturing plants nearby.

Pumili siya ng isang mesa sa sulok, malapit sa exit. Isang unipormadong waitress ang kaagad na lumapit sa kanya.

“Ano’ng order mo, pogi?”

She looked young and pretty, could be no older than sixteen pero nasadlak na sa ganitong trabaho. Gusto niyang maawa sa babae.

Such a waste, nasabi niya sa sarili.

He turned away from her welcoming smile and warm eyes.

“Dalawang *San Mig Strong Ice* at saka kung ano’ng p’wedeng ipulutan sa menu n’yo,” halos pasupladong tugon niya, may malalim na gatla sa noo. Sa sulok ng mga mata ay nakita niyang tumaas ang isang kilay nito.

“Okay! Sandali lang.”

She was gone for only five minutes at nang

bumalik ay bitbit na ang tray ng beer at isang plato ng crispy pata. Matapos iyong ilapag sa harapan niya ay tinanong nito kung may kailangan pa siya. Nang sabihin niyang wala ay lumipat na ito sa ibang mesa.

Nang maalala ang dahilan kung bakit siya nagpunta roon, muli niyang tinawag ang dalaga.

“Miss...”

“Claudette,” pakilala nito. His eyes almost rolled nang sadya nitong papungayin ang mga mata.

“Claudette.” Nagliwanag ang mukha nito. Lalong lumalim ang dalawang biloy nito sa malapad na pagngiti. “Gusto ko lang itanong, dito ba nagtatrabaho si Tamara Rodrigo?”

“Si Tami? Oo. Kaibigan ko siya. Pero wala siya ngayon. May performance nga sana siya. Ewan ko lang kung makakahabol ang babaeng 'yun.”

He silently muttered a curse. Sayang lang pala ang pagod niya.

“Bakit? Ano'ng kailangan mo sa kanya?”

“Uhm... kaibigan niya ako.” Mabuti na lang at hindi siya napangiwi. Bahagya siyang kinabahan nang magsalubong ang mga kilay nito.

“Kaibigan? Ba’t ngayon lang kita nakita dito?”

Nakahinga siya nang may isang customer na tumawag dito. Nakaligtas siya sa interrogation nito.

What now?

Alangan namang magbababad pa siya doon, hindi pala siguradong darating ang hinahanap niya. Pero ayaw na niyang bumalik dito sa ibang araw. Nakakapagod din ang mahigit isang oras na biyahe mula Manila hanggang Calamba.

Nasa kanya ang address ng dalaga. Ngunit hindi siya makapagpasya kung sasadyain ito sa bahay nito ngayong gabi.

He groaned inwardly. Mukhang wala siyang choice kundi ang bumalik.

Fine! Uubusin na lang niya ang in-order na crispy pata and then he’d be out.

His beer bottle was already half-empty nang may pumagitnang babae sa stage.

Noon dumaan sa tabi niya ang kausap na waitress kanina.

“O, pogi, ayan na pala ’yung hinihintay mo.”
Dinunggol pa siya nito sa braso.

“Hanggang anong oras ang performance niya?”
pahabol na tanong niya bago pa ito makalayo.

“Kadalasan hanggang closing na siya. Mga ala una ng madaling-araw.”

Pumalatak siya. Mukhang bukas na siya makakabalik ng Manila.

The woman on the stage started singing. And unconsciously, napako na rito ang pansin ni Jeffrey.

She looked exactly like the woman in the picture. Sa tantya niya ay mga 5’5” ang taas nito. Mahihiya ang bote ng *Coca Cola* sa kurba ng katawan ni Tamara lalo at hapit na t-shirt, skinny jeans at red pumps ang attire nito. Light lang ang makeup na nakakulapol sa mukha ng dalaga.

She doesn't need any makeup, wala sa loob na nausal niya. He had to admit na higit itong maganda sa personal.

In between her smooth rendition of *Someone's Always Saying Goodbye*, he got hooked. Her sultry voice pierced his very heart. Parang malalim ang pinaghuhugutan nito dahil nagawa nitong bigyan ng tamang emosyon ang kanta.

Did someone leave her heartbroken? He could

not help but wonder.

Suddenly intrigued, ibinigay niya rito ang buo niyang pansin katulad din ng ibang nanonood na hindi maiwasang mahumaling sa suwabeng boses ng babae.

By her fifth song, nakalimutan na niyang may isang bote pa siya ng beer. His eyes were transfixed on the stage, kung saan ito nakaupo sa high stool habang umaawit. Tamara's eyes were closed, her sweet voice seemed to cast a soothing spell on the customers. Malakas ang naging palakpak ng mga tao nang matapos nito ang kanta.

Ang huling kanta nito ay isang slow rock ng *Heart*.

All I wanna do is make love to you...

Habang kinakanta ng dalaga ang chorus ay napatingin ito sa gawi niya. And her eyes held his for the longest minute of his life. He felt shivers run down his spine. Bigla ay hindi na isang lyric galing sa kanta ang narinig niya, but an invitation. Something she really wanted to do, with him.

Of course it was just a crazy thought. But it made him uneasy, and aroused.

Natapos din ang mini-concert with a loud applause from the remaining customers. Mag-alala una na pala ng madaling-araw. Bakante na ang karamihan ng mesa.

Tinawag niyang muli si Claudette. Binayaran niya ang halaga ng in-order niya at nagbigay ng two hundred pesos na tip sa dalaga kasabay ng isang pakiusap.

“Sure, ’yun lang pala. Sige, sasabihin ko kay Tami na hinihintay mo siya.”

She winked and for the first time that night, he smiled back.

Pagkatapos ibigay ang bill sa kahera at makuha ang tip ay nag-disappear ito sa backstage.

“Sino ’ika mo?” salubong ang mga kilay na tanong ni Tamara kay Claudette. May customer daw kasi na naghihintay sa kanya sa labas.

“Yung isang customer natin. Kanina ka pa niya hinahanap.”

Kunot pa rin ang noo niya. Sa totoo lang ay maraming customers ang nagkakagusto sa kanya. Marami ang nag-alok na i-table siya at ang iba nga’y

gusto pa siyang ilabas. Pero ni isa ay wala siyang pinagbigyan.

“Ano’ng pangalan? Saka bakit daw?”

“Aba’y malay ko. Sinupladuhan nga ako kanina. Pero mabait naman pala at galante. Akalain mong bigyan ako ng two hundred pesos na tip. At saka, Tami, in fairness, ang guwapo niya!”

Tumirik ang kanyang mga mata.

“Claudette, que guwapo o hindi, alam mong hindi ako nakiki-table kahit kanino. At saka pasara na tayo.”

“Kausapin mo na lang kasi. Mukha namang harmless.”

Tinaasan niya ito ng kilay.

“O sige, at nang matigil na lang iyang pangungulit mo.”

Parang bata itong pumalakpak. Sinuklay lang niya ang mahabang buhok at sumabay nang lumabas ang kaibigan ng dressing room.

“Ayun siya, o.” Itinuro ni Claudette ang corner table malapit sa exit. Medyo madilim ang gawing iyon, pero naaninaw niya ang mukha ng lalaki.

Kinabahan siya. Ito iyong lalaking kung makatitig sa kanya kanina habang kumakanta siya ay animo gusto siyang kainin nang buo. Ito rin ang lalaking animo magnet ang mga matang humihigop sa kanya.

Dahan-dahan siyang lumapit dito. Tumayo ang lalaki. Matangkad ito at maganda ang tindig, hindi maskulado, hindi rin naman patpatin.

“H-hi!” Nagulat si Tami sa parang croak na lumabas sa bibig niya. Tumikhim siya para alisin ang bara sa lalamunan.

“Tamara Rodrigo?”

“Yes?”

Inilahad nito ang isang kamay. Reluctantly, she took it. At mabilis ding binitawan. Naipunas niya ang palad sa gilid ng kanyang jeans para maalís ang sting ng animo kuryenteng dumaloy roon.

“Ako nga pala si Jeffrey Velasquez.”

“Do I know you?”

Pilit niyang hinahanap sa memorya ang mukha ng kaharap. Alam niyang kung nakilala na niya ito noon, hindi niya ito kaagad malilimutan. Pero sa malas ay wala siyang matandaang instance na nagkatagpo sila.

“Hindi. Pero kilala kita.”

“Paano mo akong nakilala?”

“I’m a record producer. Napadpad dito ’yung isang kaibigan ko kailan lang. He said na may fresh talent akong madidiskubre dito. He seemed so excited na na-curious akong bigla.”

Tipid itong ngumiti. Muntik na siyang mapasinghap. Gosh! Tama si Claudette. Ang guwapo nga ng bruho!

“My friend was right.”

Nagdududa pa ring tinitigan niya ito. Matapang naman nitong sinalubong ang kanyang mga mata.

“Gusto mo bang sabihin na narito ka para kunin ako bilang talent mo?”

Nagkibit ito ng balikat.

“I was hoping I could have some time to interview you. Know you a bit more.”

“Ala una na ng madaling-araw,” aniya.

Parang bata itong nagkamot ng ulo at ngumiti. “Yeah, I know.”

With arms folded across her chest, hinintay

niyang magsalita pa ito.

“Can we have coffee somewhere?”

Tumaas ang isang kilay niya. Alam niyang maganda ang kanyang boses and she could definitely sing. Pero masyado ba siyang exceptional para maging sobrang persistent nito?

But no matter how hard she convinced herself not to trust him, iba ang sinasabi ng puso ni Tamara. At isa pa iyon sa ipinagtataka niya. She was someone who would listen to her brain more often. But this time, her heart spoke the strongest.

“Okay. May malapit na coffee shop dito.”

He flashed her a wide grin.

3

Record producer, my ass!

Patihayang ibinagsak ni Jeff ang katawan sa kama. Umupa siya ng isang silid sa isang hotel sa Calamba. Plano niyang bumalik sa Manila nang mga alas siete na ng umaga.

How the hell did he come up with that ridiculous idea? Mahilig siyang makinig sa music, pero ano ang alam niya sa pagpo-produce ng record at pag-handle sa isang recording star?

You're just being spontaneous.

Napaungol siya at kaagad na bumangon. Ngayon ay problema pa niya kung saang studio dadalhin ang dalaga sa makalawa para maniwala itong isa nga siyang record producer.

And from there, kailangan na niyang makaisip ng paraan kung paano makakakuha ng hair sample mula rito. Limang araw lang ang ibinigay sa kanya.

Bakit kasi hindi puwedeng harapin na lang niya ito at sabihin dito ang totoo?

"I don't want to disappoint her in case hindi mag-

match ang aming DNA.”

Iyon ang sinabi sa kanya ng kanyang Tito Simeon. Sabagay ay tama ito. Mahirap magpaasa ng tao.

Naghubad si Jeff ng damit at tanging briefs lang ang itinira. Nahiga siya sa kama at ipinikit ang mga mata. Pagbalik niya ng Manila ay bibisitahin niya ang kaibigang blogger na dati ring stage actor. Sana lang ay may kakilala itong record producer talaga na puwede niyang kutsabahin sa nakakainis na misyon niya.

“Bakit ka nangingiti diyan? At saka alas tres na, di ka pa natutulog. May pasok ka sa school bukas, di ba?”

Bulong iyon ng nanay-nanayan niyang si Mama Orie na katabi niyang matulog sa kama. Silang dalawa lang ang nakatira sa maliit na apartment na inuupahan niya.

Hindi niya kadugo ang matanda. Literal na napulot lang daw siya nito sa tabi ng isang basurahan isang gabing umuwi ito mula sa pinapasukang mall sa Ortigas. At dahil hiwalay na ito sa asawa at wala namang anak, hindi na nito ini-report ang pagkakapulot sa kanya at nagpasyang kupkupon na

lang siya.

“May weird lang kasing nangyari sa akin kanina, 'Nay. Hindi lang matanggal sa isip ko.”

Tumagilid siya paharap sa kanyang Mama Orie. Nakatihaya ito at nakapikit. Pero dahil nakikipag-usap ito sa kanya, alam niyang gising ito.

“Alam n'yo bang may isang record producer na kumausap sa akin kanina sa club?”

Bigla itong nagmulat at lumingon sa kanya.

“Talaga? Ano'ng sinabi sa 'yo?”

“Na interesado daw siyang kunin ako bilang isa sa mga talents niya.”

“Aba, maganda iyan! Baka iyan na ang suwerteng ipinagdarasal mo.”

“Sana nga, 'Nay. Kaya lang parang may mali sa kanya. Parang hindi siya totoong record producer.”

Napakunot-noo si Mama Orie. “Ha? Bakit mo naman nasabi?”

“Hindi ko rin alam, 'Nay. Basta feel ko lang.”

“Naku, eh, kung ganyang may masamang kutob ka, huwag ka nang makipagkita uli sa taong iyon.

Baka nga nanloloko lang siya. Baka miyembro ng sindikato ng prostitution at naghahanap ng mauuto. Uso talaga 'yan ngayon."

Ang suspetsa niya ay hindi record producer ang lalaking nakausap niya. Ngunit hindi niya naramdaman minsan man, mula nang makilala niya si Jeffrey, na masama itong tao.

There was an air of classiness about him. At kung ang pagbabasehan niya ay ang paraan ng pagsasalita nito, natitiyak niyang may mataas itong pinag-aralan. Pero kung tama ang suspetsa niya, why the deception? Sino si Jeffrey Velasquez at ano ang kailangan nito sa kanya?

Tumihaya siya at pumikit. Awtomatikong nag-flash sa isip niya ang mukha ni Jeffrey.

Kung kasing-guwapo naman nito ang lahat ng goons, di bale nang mapahamak siya.

A giggling sound gurgled inside her chest.

"In fairness, guwapo siya, 'Nay."

Pumalatak si Mama Orie. "Hmph! Porque't guwapo, hindi ibig sabihin, matino."

True.

“Basta, kapag pinuntahan ka pa ulit ng lalaking ’yan, iwasan mo na. Ipapulis mo kapag ayaw kang tantanan.”

Hindi na lamang sinabi ni Tamara sa matanda na nakatakda silang magkita ni Jeffrey kinabukasan. At pag-uusapan nila ang schedule niya ng pagpunta sa studio para gumawa ng demo CD.

Alas cuatro ng hapon kinabukasan. Gaya ng inaasahan ni Tamara, naroon na sa labas ng school gate ang kotse ni Jeffrey. Nakasandal sa passenger side ang binata, nakapamulsa ang dalawang kamay at nakatungo. Hindi alam ni Tamara kung bakit lumukso ang puso niya pagkakita rito. Nag-angat ito ng ulo at nang makita siya ay ngumiti at kumaway. Her heart almost leapt out of her chest because of the lazy way he grinned.

“Tami, ikaw ba ang kinawayan n’ung guwapong hunk na ’yun?”

Umarko ang kilay niya sa paglapit sa kanya ni Maricris, ang maarte niyang kaklase na self-proclaimed nemesis niya sa lahat ng bagay. Never siyang pinansin at kinausap nito maliban kung mayroon itong ipagyayabang sa kanya. Forever itong

insecure sa beauty niya, iyon ang komento ng iba niyang kaibigan.

“Oo, bakit?”

Umasim ang mukha nito.

Kung tutuusin ay may rason ito para ma-insecure dahil sa laki ng lamang ng hitsura niya sa anyo nito. Dinadaan lang ni Maricris sa kapal ng mukha ang pagiging *feelingera*. Palibhasa ay sunod ang luho sa mga magulang.

“Bakit ka naman kakawayan at susunduin ng lalaking ’yan?” mataray na tanong nito.

“Maybe because I know him and he likes me?”

Lalong nalukot ang mukha nito.

“And besides, wala naman sigurong masama kung sunduin ako ng boyfriend ko dito.”

Muntik na siyang mapahagalpak ng tawa dahil sa pandidilat ng mga mata nito.

“Sige, mauna na ako. I don’t want to keep him waiting.” Isang matamis na ngiti ang iniwan niya sa nagpupuyos na dalaga. *O, ha! Mamatay ka ngayon sa inggit.*

At dahil umiiral pa rin ang kapilyahan sa isip,

nang makalapit siya sa binata ay tumiyad siya at ang balak sana ay halikan ito sa pisngi. Pero ipinaling nito ang ulo at sa bibig nito dumapo ang mga labi niya.

She almost squeaked.

“What was that for?” he asked with a frown.

Namula ang buong mukha niya sa pagkapahiya. Nang lingunin niya si Maricris ay nakatingin pa rin ito sa kanya habang kausap ang mga kabarkada. She knew she had to continue with her charade. Kumapit siya sa braso nito.

“Mamaya ko na lang ipapaliwanag. P’wedeng umalis na tayo dito?”

Inalalayan siya nito pasakay sa kotse.

“You mean hinalikan mo ako para lang inggitin ang kaklase mo?”

Malakas ang naging tawa ni Jeffrey nang marinig kay Tami ang buong kuwento. Napapantastikuhang pinagmasdan niya ito. Nakanguso ito at nakahalukipkip habang nakasandal. His gaze darted down her pouting lips. The plump muscles felt soft and wet nang halikan siya nito kanina.

Biglang nanuyo ang lalamunan niya dahil sa urge na muli iyong matikman.

“Eh, kasi naman, ang yabang-yabang niya. Lahat ng lalaking gustong manligaw sa akin, sinulot niya.”

“At malaking bagay iyon sa 'yo?”

“Hindi, 'no! Kahit maging nobyo pa niya ang lahat ng lalaki sa school, wala akong pakialam. Ayoko lang na palagi niya akong pinatatamaan na parang ang laki kong threat sa existence niya. Hindi ko naman siya pinapansin. At lalong hindi ako nakikipagkompetensya sa kanya. I don't care if she's the most popular girl in campus.”

“Hmm... you sound so bitter.”

Gusto niyang nakikitang naiinis ang dalaga, kaya itinuloy niya ang panunukso. Ang ganda lang nitong pagmasdan kapag namumula pati tungki ng ilong. And her eyes? Her eyes spat fire. Kung literal lang iyong makakasunog, baka abo na siya kanina pa.

“I'm not! Pero talagang naiinis ako.”

Laughter bubbled up inside him.

“Well, don't look now. Parating ang babaeng kinaiinisan mo.”

“What?”

Namilog ang mga mata ni Tamara. Inginuso niya ang entrance ng diner kung saan sila naroon. Papasok na nga si Maricris kasama ang dalawang alipores nito.

“I can’t believe this! Talagang sinundan pa niya ako.”

Hindi nito itinago ang frustration. Hinawakan ni Jeff ang isang kamay nito at itinaas sa kanyang mga labi. Napasinghap ang dalaga at nagtatanong ang mga matang napatitig sa kanya. He leaned over and whispered, “Gusto mo siyang inggitin, di ba? Might as well put on a show she won’t forget.”

Hindi niya binitiwang ang kamay ng dalaga. Gaya ng hula niya, nilapitan sila ng kaklase nito.

“Hi, Tami.”

Ibinaba niya ang tingin at kinagat ang pang-ibabang labi upang pigilin ang tawa dahil nakita niyang umikot ang mga mata ng dalaga. She plastered a sarcastic smile on her lips.

“Hi! Sinundan n’yo pa talaga ako, ha?” Hindi itinago ni Tami ang inis.

“Hindi, ah! Bakit ka naman namin susundan?” maarteng tanong nito. She fluttered her eyelashes

deliberately, and cast curious glances at him.

Such a shallow woman. Nahalata niya kaagad na nagsinungaling ito. May rason naman pala si Tami para kainisan ang babae.

“Hindi mo man lang ba ako ipapakilala sa boyfriend mo?”

His eyes probed her. Nahihiyang nag-iwas ng tingin ang kasama niya. Naramdaman niya ang bahagya nitong paghila sa kamay. Mas lalo niyang hinigpitan ang hawak doon.

“I’m Jeff.”

“Ako naman si Maricris.”

“Yes, I know. Naikuwento ka na ni Tami sa akin.”

“Really?” excited nitong tanong. Ang lapad pa ng ngiti nito. Hindi man lang nabahala na baka walang positibong bagay na maaaring sabihin si Tamara sa kanya tungkol dito dahil hindi naman in good terms ang relasyon ng dalawa.

Hindi lang pala ito mababaw. Tanga rin.

“Care to join us?”

Nagmamadali itong tumabi kay Tami. Ni hindi man lang inabisuhan ang dalawang kasama na

napilitan nang umupo sa ibang mesa.

“Ah, Honey... dito ka na lang sa tabi ko.”

Kinindatan lang niya ang dalaga nang kunutan siya nito ng noo. Hinila niya ang kamay nito kaya napilitan itong tumayo. Napilitan ding tumayo si Maricris para bigyang-daan ang kaklase.

Nang makalipat sa kanyang tabi si Tamara ay kaagad niya itong inakbayan. Hinapit ni Jeff ang ‘nobyas’ hanggang sa mapilitan na itong isandal ang likod sa dibdib niya. He felt her tense nang ang braso niyang nasa balikat nito ay pumaikot na sa baywang nito.

Titig na titig naman si Maricris sa kanila. When he dipped his head to plant a lingering kiss on Tami’s exposed neck, he’d swear she almost fainted.

“Hindi mo na dapat ginawa ’yun. You overdid everything,” sumbat ni Tamara.

Totoong naiinis siya dahil para sa kanya ay sinamantala ni Jeffrey ang pagkakataon. Ngunit mas naiinis siya sa sarili. Hindi naman ito gagawa ng ganoong kapangahasan kung hindi nito nalaman na pinalabas niyang boyfriend niya ito. And a boyfriend

was expected to kiss and hug his girlfriend. He only played his part. And she was furious because she enjoyed the *kiss and hug* part of their play.

Kasalanan ni Maricris ang lahat ng ito! Sa isip ay sinimulan na niyang sabunutan ang atribidang babae.

“Hindi ba dapat magpasalamat ka pa sa akin? We showed her quite a show. Halos lumuwa na nga ang mga mata sa inggit.”

Ngani-ngani niyang batukan ang binata. As if naman may dapat siyang ikatuwa. Siguradong laman na naman siya ng tsismis sa buong campus bukas. Bakit ba kasi siya napunta sa ganitong sitwasyon?

“Nga pala, p’wede ka bang sumama sa akin bukas ng umaga sa Manila? I want to record your demo CD.”

“May pasok ako bukas.”

“Hindi ka ba p’wedeng mag-absent muna? This is very important.”

“Bakit ba masyado kang makulit? I haven’t said yes. Ibig sabihin, hindi pa ako pumapayag na maging talent mo.”

“You’re an exceptional singer. Nakakahinayang na sayangin mo lang ang talent mo sa pagkanta sa

club na iyon. Kaya kitang pasikatin. You could go places. Think about it, Tamara.”

“Kaya mo talaga akong pasikatin?” Her eyes narrowed in annoyance when he just nodded. “Ilan na bang tao ang pinasikat mo?”

Sandaling lumarawan ang pagkalito sa mukha ni Jeff. Ang ilang segundong pagkatigagal nito ang lalong nagpatibay sa hinala niyang nagpapanggap lang ito bilang record producer.

“Have you heard about the *Bubble Box Band*?”

“Sino ’yun?” Siya naman ang nalito.

“Isa sila sa mga talents ko.”

“Hindi ako aware sa kanila.”

“Dahil baguhan pa lang sila sa industriya. Ang totoo’y hindi pa sila na-expose sa media. Kailan ko lang din kasi sila na-discover.”

“Wala ka bang talent na sikat na? Iyong kilala ko?”

Nagkamot ito ng ulo. At kahit nahuhuli na niya itong nagsisinungaling, hindi pa rin niya magawang matakot sa binata. Mas lalo pa siyang naging curious kung ano ang talagang kailangan nito sa kanya.

“Okay, I admit I lied.”

Eto na ang totoong kuwento. She held her breath as she waited.

“Ang totoo’y baguhan pa lang din akong record producer. I’ve only been in the business for... three months. Kaya ganito na lang din ang pagiging persistent ko sa paghahanap ng mga potential stars. Ayokong masulot sila sa akin ng mga henyo na sa industriya.”

Her shoulders sagged. “You’re lying,” akusa niya.

“Pero iyon talaga ang totoo.”